SKILLS AND JOBS CENTRES

# **Ilipat** ang iyong mga kagalingan. **Papagbaguhing-anyo** ang iyong buhay.

Mga importanteng impormasyon para sa mga empleyadong naapektakahan ng pagsasara ng otomotibong industriya sa Victoria.




THE EDUCATION STATE

VICTORIA State Government

Ang pagsasara ng industriya ng paggawa ng mga otomobil ay maaapektahan ang maraming mga trabahador sa Victoria. Ang Pamahalaan ng Victoria, sa pamamagitan ng Inisyatibo ng Pagsasanay ng mga Gumagawa ng mga Otomobil, ay nagbibigay ng suporta at mga serbisyo na tutulong sa iyo.

## Ano ang kasunod kong gagawin?

Para sa mga ilan sa inyo na haharap sa walang katiyakang kinabukasan dahil sa pagsasara ng industriya ng paggawa ng mga otomobil, mayroong suporta na magtuturo sa inyo ng daan mula sa umpisa hanggang sa katapusan ng mga kasunod na hakbang sa pagbabagong-kalagayan ng inyong trabaho.

Ang pag-unawa kung ano ang gagawin at kalian, ay maaaring maging nakakabagabag kaya nga gumawa kami ng isang listahan ng mga dapat isaalang-alang o gawin (Checklist) para makatulong.

- [ ] Alam mo ba kung kalian ka mawawalan ng trabaho?
- [ ] Klinausap ka na ba ng iyong maypatrabaho tungkol sa mga serbisyong pangsuporta ng Pamahalaan ng Victoria?
- [ ] Naisip mo na ba kung anong trabaho ang ibig mong kasunod na gawin?
- [ ] Mayroon ka bang pangkasalukuyang buod ng talaan ng iyong mga pinag-aaralan at naging mga karanasan o pinagsanayan ( resume)?
- [ ] Napag-isipan mo na ba ang tungkol sa karagdagang pagsasanay?
- [ ] Alam mo ba kung ano ang malamang na isasama sa iyong kahuli-huliang kita at kung paano nito maaapektahan ang laang-gugugIin ng iyong pamilya?
- [ ] Nakipag-usap ka na ba sa isang tagapayong pampinansyal tungkol sa iyong pamppinansyal na hinaharap?

## Anong tulong ang mayroon para sa akin?

- Ispesyal na access sa pagsasanay na tinustusan ng pamahalaan (para sa mga supply chain na trabahador lamang)
- Natatanging Sentro ng mga Kagalingan at mgaTrabaho na tutulong sa iyo at sa iyong pamilya.
- Payong nauukol sartabaho at pagbabagong-kalagayan na ibibigay ng mga dalubhasa sa pagsasanay sa trabaho.
- Tulong para malaman ang mga pagsasanay na opsyon at ang pagpapatala sa isang nagbibigay ng pagsasanay.

## Karagdagang impormasyon tungkol sa mga magagamit na mga serbisyong pangsuporta

Ang Inisyatibo ng Pagsasanaay ng mga Gumagawa ng mga Otomobil (ASCTI) ng Pamahalaan ay may tatlong pinakamahalagang  mga serbisyo.

## Sentro ng mga Kagalingan at mgaTrabaho

Ang mga Natatanging Sentro ng mga Kagalingan at mga Trabaho  na sinasapatan ang  mga pangangailangan ng mga empleyado ng mga kompanyang gumagawa ng otomobil  ay itinayo sa:

- Broadmeadows
- Dandenong
- Chadstone
- Sunshine

Nagbibigay ang mga Sentro ng mga Kagalingan at mga Trabaho sa mga empleyadong nasa pagbabagong-kalagayan at sa kanilang mga pamilya ng karapatang gumamit ng magkakasamang serbisyo na kabilang ang:

- Payo at tagubilin ukol sa trabaho
- Pagsasanay na Payo ukol at suporta
- Mga pagpupulong kung saan may masisinang talakayan at gawain ukol sa isang partikular na paksa o proyekto (workshop) at  mga pang-impormasyong pagpupulong.
- Impormasyon ukol sa mga pantrabahong pagkakataon
- Mga pagssasangguni sa mga ibang serbisyong pangsuporta

## Garantiya ng Pagsasanay sa Victoria

Ang mga empleyado ng sektor ng mga gumagagawa ng mga otomobil ng Victoria ay binigyan ng higit na malaking karapatan na gumamit ng pagsasanay na tinustusan ng pamahalaan. Ang karapatang gumamit kadalasan ay limitado lamang sa mga naghahangad na magpalista sa pagkamarapat sa mas mataas na antas kaysa sa pagkamarapat na mayroon na sila. Ito ay tinalikuran sa ilalim  ng paketeng pangsuporta na ito upang muling makapagsanay ang mga trabahador sa mga industriyang may mga tiniyak na kakulangan sa pag-unlad at mga kagalingan.

## Mga Serbisyong Pagpapayo ukol sa Pagbabagong-kalalagayan at Trabaho (CTAS)

Kumuha ang Pamahalaam n ng Victoria ng mga independiente, kwalipikadong tagapayong pantrabaho upang bigyan ang mga empleyado ng sektor ng mga gumagawa ng otomobil ng walang bayad, ginawang pansarili na mga opsyong nauukol sa pagplano ng trabaho at pagsasanay upang magkaroon ng bago o pinabuting mga kagalingan. Ang mga empleyado ay  bibigyan ng karapatan na dumalo sa isang masinsinang  talakayan at gawain ukol sa isang paksa o proyekto (workshop) at isang kasunod na sesyon sa isang tagpayong pantrabaho sa pinagtatrabahuhan  o sa isang Sentro ng mga Kagalingan at mga Trabaho.



# KONTAK

Maraming mga paraan na maaari mong malalaman ang higit pang mga impormasyong makatulong sa iyong paggamit ng mga serbisyong pangsuporta ng Pamahalaan.

## MGA NATATANGING (SPECIALISED) OTOMOTIBONG SENTRO NG MGA KAGALINGAN AT MGA TRABAHO

**BROADMEADOWS**
Kangan Institute
Pearcedale Parade
Broadmeadows 3047

**DANDENONG**
Chisholm Institute
311 Lonsdale Street
Dandenong 3175

**CHADSTONE**
Holmesglen Institute
Corner Batesford & Warrigal Roads
Chadstone 3148

**SUNSHINE**
Victoria Polytechnic
460 Ballarat Road
Sunshine 3020

## MAY MGA KARAGDAGANG OTOMOTIBONG SENTRO NG MGA KAGALINGAN AT MGA TRABAHO NA ITINATAYO SA:

| | |
|---|---|
| Footscray | (Victoria Polytechnic) |
| Melbourne CBD | (CAE, William Angliss and RMIT University) |
| Box Hill | (Box Hill Institute) |
| Northland | (Melbourne Polytechnic) |
| Ringwood | (Swinburne University of Technology) |
| Bundoora | (RMIT University) |
| Geelong | (The Gordon) |

| | |
|---|---|
| **TELEPONO** | 134 389 |
| **WEB** | www.education.vic.gov.au/auto |
| **HARAPAN** | Skills and Jobs Centres |
| **EMAIL** | auto.industry@edumail.vic.gov.au |